# The Gospel Expressed

## Pagsasapamuhay ng Pag-ibig

WEEK 19

## WARM-UP

- Ano ang paborito mong *brand*? Paano mo masasabi kung ang isang produkto na may tatak ng brand na ito ay orihinal o tunay?
- Ano ang isang simpleng bagay na ginawa para sa iyo kung saan naramdaman mo na ikaw ay minamahal? Paano mo ipinahayag ang iyong pasasalamat sa taong ito?
- Sino ang pinakakinamumuhian mong tauhan mula sa napanood mong pelikula? Ano ang mga bagay na sinabi at ginawa niya na naging dahilan kung bakit ganito ang iyong naramdaman?

## WORD

*Magmahalan kayo nang tapat. Iwasan ninyo ang masama at laging gawin ang mabuti.* **MGA TAGA-ROMA 12:9**

Ang unang bahagi ng Mga Taga-Roma 12 ay tungkol sa nararapat na tugon sa habag ng Diyos. Dahil sa dakilang pagmamahal sa atin ng Diyos, ipinadala Niya si Jesus upang mamatay para sa atin sa krus, na naging dahilan upang matanggap natin ang kapatawaran at kalayaan mula sa kasalanan. Dahil dito, maaari na nating ibigay ang ating sarili bilang mga handog na buhay. Kabilang dito ang pagbabago ng ating isip at ang pagbabago ng ating mga kaisipan upang makita natin ang ating sarili at ang mga tao sa ating paligid sa mata ng Diyos. Ngayon na tayo ay bahagi na ng iisang katawan, tayo ay tinawag upang paglingkuran ang isa't isa nang dahil sa pag-ibig. Ito ay hindi isang tungkulin, kundi tugon sa pagmamahal na natanggap natin. Maaari nating ipahayag ang ating pag-ibig dahil una tayong minahal ng Diyos. Ngayong linggo, titingnan natin ang tatlong paraan kung paano natin maipahahayag ang tunay na pagmamahal.

## APPLICATION

- Ang paglilingkod natin sa Diyos ay ang ating tugon sa pagmamahal Niya sa atin. Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang buong saya at sigla mong mapaglingkuran ang Diyos?
- Mag-isip ng isang tao na iniiwasan mo dahil sa isang bagay na nangyari. Hilingin sa Diyos na baguhin Niya ang iyong puso at bigyan ka ng kakayahan na mahalin ang taong ito.
- Paano mo maipahahayag ang iyong pagmamahal sa ibang mananampalataya sa iglesya? Paano ka makikibahagi sa mga ginagawa ng iglesya upang magpahayag ng pagmamahal sa iyong komunidad?

## PRAYER

- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng kakayahan na mahalin Siya ng buong puso. Ipanalangin na maging masigasig ka sa paglilingkod sa Kanya.
- Pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay sa iyo ng kakayahan na mahalin ang iba. Hingin sa Diyos ang mga bagay na maaari mong gawin upang maipahayag ang iyong pagmamahal sa iyong pamilya at mga kaibigan.
- Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos kung may mga taong kinasasamaan mo ng loob. Hingin sa Kanya ang kakayahan na mahalin ang taong nahihirapan kang mahalin. Ipanalangin na ang pagmamahal na ipapakita mo ay magsisilbing daan upang makilala nila si Cristo.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

## 1 Mahalin ang Diyos.

*[11]Huwag kayong maging tamad kundi magpakasipag at buong pusong maglingkod sa Panginoon. [12]At dahil may pag-asa kayo sa buhay, magalak kayo. Magtiis kayo sa mga paghihirap at laging manalangin.* **MGA TAGA-ROMA 12:11,12**

Sinabi ni Pablo na dapat ay puno ng sigla at kasiyahan ang paraan natin ng pagpapahayag ng ating pag-ibig sa Diyos. Kapag ganap nating naiintindihan ang lawak ng Kanyang pagmamahal sa atin, hindi natin hihilahin ang ating mga paa upang pilitin ang ating mga sarili na paglingkuran Siya, kundi ay gagawin natin ito nang buong puso. Ang ating labis na kagalakan at pagkamangha ay magbibigay sa atin ng kakayahan upang *magalak, magtiis sa mga paghihirap, at laging manalangin*. Ang paglilingkod natin sa Diyos ay kasiya-siya hindi dahil ito ay ayon sa ating emosyon, kundi dahil sa katotohanan na tayo ay minamahal. Paano ka nagpakita ng kasiglahan sa paran mo ng pagpapahayag ng pag-ibig sa Diyos?

## 2 Mahalin ang isa't isa.

*[13]Tulungan ninyo ang mga pinabanal ng Diyos na nangangailangan, at patuluyin ninyo sa inyong mga tahanan ang walang matutuluyan. . . . [16]Mamuhay kayo nang mapayapa sa isa't isa. Huwag kayong magmataas, sa halip ay makipagkaibigan kayo sa mga taong mababa ang kalagayan. Huwag kayong magmarunong.* **MGA TAGA-ROMA 12:13,16**

Itinala ni Pablo ang ilang praktikal na paraan kung paano natin maipahahayag ang ating pagmamahal sa mga tao sa ating paligid—sa panlabas at panloob na pamamaraaan. Noong kapanahunan niya, ang mga nakaaangat sa buhay ay nagbebenta ng kanilang mga ari-arian upang tugunan ang pangangailangan ng mga mahihirap. Madalas ding maglakbay ang mga tao nang naglalakad. Ang makatanggap ng pagkain, pahinga, at proteksiyon sa tahanan ng ibang tao matapos ang ilang araw ng paglalakbay ay tiyak na pupuno ng pagmamahal sa puso ninuman. Tulad nito, tayo ay tinatawag ng Diyos, bilang mga Kristiyano, upang magpahayag ng pagmamahal sa panlabas na pamamaraan sa ating mga sariling sitwasyon. Maaari rin natin itong ipahayag sa panloob na pamamaraan sa pamamagitan ng pagtingin natin sa iba. Sinabi ni Pablo na huwag tayong magmataas o kaya ay magmarunong. Ang pagkakaroon ng mataas na pagtingin sa iba, lalo na sa mga taong naiiba sa atin, ay tulad na rin ng pagmamahal sa kanila. Ayon sa Juan 13:34,35, anong uri ng pagmamahal ang dapat nating ipakita sa isa't isa? Bakit mahalagang gawin natin ito?

## 3 Mahalin ang iyong mga kaaway.

*Idalangin ninyo sa Diyos na pagpalain ang mga taong umuusig sa inyo. Pagpalain ninyo sila sa halip na sumpain.*
**MGA TAGA-ROMA 12:14**

(Basahin din ang **LUCAS 6:27–30.**)

Isinalarawan ni Lucas kung sino ang isang kaaway. Maaaring sila ay mga taong galit, umalispusta, o kaya ay nagmalupit sa iyo. Maaaring sila ay mga taong nanakit sa iyo at nagnakaw ng mga bagay na pag-aari mo. Para sa iba, ang kaaway ay maaaring taong kinaiinisan nila o kaya ay hindi nila makasundo. Kahit paano pa man natin nakikita ang ating mga kaaway, sinasabi sa Bibliya na dapat natin silang mahalin. Ganito tinapos ni Pablo ika-labindalawang kabanata: *Huwag kayong patatalo sa masama kundi talunin ninyo ang masama sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti*. Mahirap magmahal ng kaaway. Subalit ang sakripisyo ni Jesus sa krus ay nagbibigay sa atin ng katiyakan na mapagtatagumpayan natin ang anumang bagay. Ang Kanyang pagmamahal ang magbibigay sa atin ng kakayahan na mahalin ang mga taong mahirap mahalin. Paano ipinakita sa iyo ni Jesus ang pagmamahal na hindi mo karapat-dapat na matanggap? Paano ka nagpakita ng pagmamahal sa isang kaaway?